Ang Pag-susuri ng Kanser

Sakaling may may nararamdaman na sintoma ang isang tao na maaring maging kanser imumungkahi ng kanyang manggagamot na sumailalim siya isang pag-subok. Sa pamamagitan ng mga pag-subok na ito malalaman kung mayroong kanser ang isang tao. Madalas, makikita sa mga pagsubok na ito kung nasa anong bahagi ng katawan ang kanser.

May mga ilang mga karaniwang pag-subok na isinasagawa para sa kanser. Ang isang tao na mayroong sintoma ng kanser ay maaring sumailalim ng mahigit sa isa sa mga pagsubok na ito. Maaring mag-pasama sa isang kaibigan kung kayo sa sasailalim sa mga pag-subok na ito.

Hilingin sa inyong magagamot o ang tao na mag-sasagawa ng inyong pagsubok

- na ipaliwanag ang ano mang bagay na hindi ninyo naiintindihan
- kumuha ng serbisyo ng isang interpreter sakaling nais o kailangan ninyo ng isang tao na mag-sasalin sa wikang Filipino.

Pag-susuri

Sakaling mayroong hindi pang-karaniwan na pamamaga ang isang tao susuriin at hihipuin ng manggagamot ang lugar na namamaga. Sakaling nakakaramdam ng sakit ang isang tao, hihipuin ng manggagamot ang bahagi ng inyong katawan na nakakaramdam ng sakit. Maari din na hipuin ng inyong manggamot ang mga bahagi ng inyong katawan na malapit sa lugar na namamaga o masakit.

Pag-subok sa dugo o ihi

May ilang mga uri ng kanser (halimbawa, kanser sa prostate at kanser sa obaryo) ang gumagawa ng mga material o substance na napapasama sa ihi o dugo. Ito ang mag-sasabi sa manggagamot na mayroong kanser sa katawan ng isang tao. Maaring gumamit ng karayum at hiringgilya ang inyong maggagamot upang kumaha ng sample ng dugo o di kaya ay hihingi ng sample ng inyong ihi.

Antg mga ito ay ipapadala ng inyong manggagamot sa laboratoryo upang suriin.

X-ray o scan

(X-ray, CT scan, MRI, IVP, radioisotope bone scan, ultrasound)

Ang mga pagsubok na ito ay gumagamit ng mga makina upang masuri ng husto ang inyong katawan. Kinukunan ng litrato ng mga makina na ito ang loob ng inyong katawan, halimabawa mga bahagi ng inyong katawan tulad ng obaryo at tumor. Ang mga makina na ito ay gumagamit ng ligtas na dosis ng radiation, magnetic field, radio waves at sound waves upang maka-gawa ng litrato.

Bago isagawa ang scan maaring hilingin sa inyo na uminom o iniksiyonan ng isang gamot. Sa pamamagitan ng gamot na ito makikita ng husto ang ilang mga bahagi sa loob ng inyong katawan. Maari din hilingin na huwag kumain o uminom ang pasyente ilang oras bago isagawa ang scan.

Ang scanning machine ay matatagpuan sa isang silid. Ang tao na mag-papaandar sa makinang ito ay maaring manatili sa loob ng silid o lumipat sa isang silid na katabi nito.

Kung kayo ay sasailim sa isang scan maaring hilingin na tanggalin ninyo ang inyong mga damit at mag-suot ng isang gown. Ipapakita sa inyo ng tao na mag-papaandar ng makina kung saan kayo hihiga. Ang makina ay gagalaw ng pa-ikot sa inyong katawan o sa ibabaw nito habang kumukuha ito ng litrato. Maaring maliit lamang ang lugar sa loob ng makina. Kung kayo ay hindi napapalagay sa loob ng maliit na lugar, ipaalam ninyo ito sa tao na nag-papaandar ng makina. Subukan ninyong mag-relax sa pamamagitan ng pag-pikit ng inyong mga mata. Minsan maingay din ang mga makina na ito.

Kadalasan ang mga scan ay isinasagawa sa mga pagamutan o sa isang espesyal na klinika. Maaring tumagal ng limang minuto ang mga scan habang ang iba naman ay maaring tumagal ng higit sa limang minuto. Normal lamang na mag-alala ang mga tao na sasailalim sa isang scan. Hindi kayo masasaktan o mag-kakasakit kapag sumailalim sa isang scan

Scoping tests

(cystoscopy, sigmoidoscopy, colonoscopy, endoscopy, broncoscopy, hysteroscopy)

Sa mga pagsubok na ito, isang maliit na tubo na mayroong nakakabit na ilaw at kamera ang ipapasok sa loob ng inyong katawan. Maaring pagalawin ng manggagamot ang tubo sa loob ng inyong katawan. Sa pamamgitan ng kamera makikita ang loob ng inyong katawan na mapapanood sa isang screen na may hawig sa isang telebisyon.

Maari din mag-kabit ng isang tube o tubo ang inyong maggagamot upang kumuha ng tissue at suriin ito sa ilalim ng isang microscope. Ang prosesong ito ay tinatawag na biopsy.

Bago sumailalim sa pag-subok na ito, maaring hilingin na huwag kumain o uminom ng ilang oras

Filipino

Diagnosing cancer

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kanser tumawag sa:

- **Filipino (03) 9209 0169**
- **Ingles 13 11 20**

1 Rathdowne Street
Carlton Vic 3053
Australia
Telephone: 61 (0)3 9635 5000
Facsimile: 61 (0)3 9635 5270
enquiries@cancervic.org.au
www.cancervic.org.au

January 2004

Ang Pag-susuri ng Kanser

bago ang pag-subok. Sa ilang pagkakataon maaring hilingin na uminom ang pasyente ng isang espesyal na gamot bago isagawa ang pagsubok, sa pamamagitan ng gamot na ito magiging mas malinaw ang mga litrato.

Maaring uminom ng gamot na pangpakalma bago isagawa ang pag-subok. Sa ilang mga pag-subok maaring bigyan ng anestesya ang pasyente upang hindi ito makaramdam ng sakit sa katawan.

Ang mga pagsubok na ito ay isinasagawa sa isang pagamutan at maaring tumagal ng isang oras. Kailangang mag-tungo sa pagamutan isang oras bago isagawa ang pag-subok at manatili pa ng isang karagdagang oras pagkatapos ng pagsubok.

Maaring umuwi pag-nawalan na ng bisa ang anestesya.

Kilangang malaman ng inyong maggagamot kung mayroon kayong gamot na iniinom bago isagawa ang pag-subok. May mga ilang uri ng gamot na maaring maka-epekto sa pagbuti ng inyong karamdaman pagkatapos ng pagsubok.

Maaring makaramdam ng pagka-balisa ang mga tao na sumailalim sa ganitong pagsubok. Sa ilang pagkakataon maaring makaramdam din ng pag-kamaga ng katawan pagkatapos ng pagsubok mawawala din ang mga nararamdamang pag-kabalisa at pagka-maga pagkaraan ng ilang oras.

Biopsy

Ang biopsy ay isang uri ng pagsubok kung saan kumukuha ng ilang mga selula

mula sa inyong katawan upang suriin ang mga ito sa ilalim ng isang mikroskopyo. Kung ang uri ng mga selula ay likido maaring gumamit ng hiringgilya. Kung ang uri ng selula naman ay tissue, maaring gumamit ng maliit na matalim na instrumento na may hawig sa kutsilyo upang tanggalin ito. Iba ang itusura ng mga selula na may kanser sa mga normal na selula, masusuri ng pathologist kung ang mga selula ay maaring maging sanhi ng kanser. (Ang pathologist ay ang manggagamot na susuri sa inyong biopsy.)

Kailangang dumaan sa proseso na lalagyan ng kulay ang mga selula upang malaman kung may kanser o wala ang mga ito. Maaring tumagal ng hanggang isang linggo bago malaman ang resulta ng pagsubok na ito.

Bago isagawa ang biopsy bibigyan ng anestesya ang isang tao upang hindi maramdaman ang ano mang sakit na maaring maidulot ng nasabing pagsubok. Sa ilang pagkakataon maaring maging manhid ang isang bahagi ng katawan, ngunit kadalasan maaring bigyan ng pampatulog ang isang tao upang makatulog ito habang isinasagawa ang biopsy. Hihilingin na hindi kumain o uminom ng ilang oras ang isang tao bago ito bigyan ng pampatulog. Kung kinakailangan tatahiin ng manggagamot ang balat.

Halos lahat ng biopsy ay isinasagawa sa mga pagamutan. Ang mga tinatawag na minor biopsy ay maaring gawin sa klinika ng inyong manggagamot. Maaring tumagal ng hanggang labing limang minuto ang biopsy. Ngunit kailangang mag-bigay ng mas mahabang panahon para sa paghahanda at pagpapahinga pagkatapos mabigyan ng anestesya.

Normal lamang na makaramdam ng pagkabalisa ang mga tao na sasailalim sa isang biopsy. Sa ilang pagkakataon maari din makaramdam ng pamamaga pagkatapos ng pagsubok, ang pamamaga na ito ay panandalian lamang. Ipapaliwanag ng manggagamot kung paano pangangalagaan ang mga tahi sa inyong sugat.

Ano ang maaring ninyong maramdaman sakaling malaman ninyo na kayo ay may kanser

Sa pamamagitan ng mga pagsubok na ito maaring malaman kung may kanser ang isang tao, kung sa anong bahagi ng inyong katawan ang may kanser at kung kumalat na ito. Kung lumabas sa resulta ng inyong pagsubok na kayo ay may kanser ipapaliwanag ng inyong manggagamot ang inyong kalagayan at kung ano ang mga maaring mangyari sa inyo.

Maaring tumagal ng ilang araw bago maipadala sa manggagamot na nagsagawa ng inyong pagsubok ang mga resulta nito. Maaring kailanganin na sumailalim sa ilan pang karagdagang pagsubok ang isang tao, dahil dito maaring tumagal ng ilang araw o linggo bago malaman kung mayroon kanser o wala.

Madalas na nakakaramdam ng pagkabigla at takot ang mga tao na napagsabihan na mayroon silang kanser. Sakaling malaman ninyo na mayroon kayong kanser, maaring makabubuti para sa inyo kung kausapin ninyo tungkol sa inyong nararamdama ang inyong mga kaibigan o mga kamag-anak. Maari din kayong magtanong sa inyong maggagamot kung paano kayo makakakuha ng serbisyo ng isang counselor o tagapag-payo.

Filipino

Diagnosing cancer

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kanser tumawag sa:

- **Filipino**
  (03) 9209 0169
- **Ingles**
  13 11 20

1 Rathdowne Street
Carlton Vic 3053
Australia
Telephone: 61 (0)3 9635 5000
Facsimile: 61 (0)3 9635 5270
enquiries@cancervic.org.au
www.cancervic.org.au

January 2004